**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Grammatical proficiency and writing competence in news headlines and news articles of Grade 6 students

**Mary Vic D. Dellava**
Filamer Christian University, Inc.
Roxas City, Capiz, Philippines
Email: vicdellava05@gmail.com

ABSTRACT

This survey-correlational research was conducted to determine the grammatical proficiency and writing competence in news headlines and news articles of Grade 6 students of Maayon Elementary School, Maayon, Capiz during the School Year 2024–2025. The participants of this study consisted of one hundred six (106) out of one hundred forty-five (145) Grade 6 students enrolled at Maayon Elementary School. To measure grammatical proficiency, the researcher utilized a researcher-made 19-item questionnaire. Furthermore, to assess writing competence in news headline writing, the researcher required the participants to write five (5) news headlines, each worth twenty (20) points for a total of one hundred (100) points. Similarly, in assessing writing competence in news article writing, the students wrote five (5) news articles, each worth twenty (20) points for a total of one hundred (100) points, scored using a rubric. The instruments underwent content and face validation with the help of three (3) Filipino language teachers. The questionnaire on grammatical proficiency was subjected to reliability and pilot testing. The independent variable of the study was grammatical proficiency, while the dependent variables were the writing competence in news headlines and news articles. The data and relevant information collected were processed using computer-assisted statistical analysis. Descriptive data were analyzed using mean and standard deviation (SD), while inferential data were analyzed using Pearson r, with the level of significance set at .05. The findings revealed that the level of grammatical proficiency of the students was "proficient." The level of writing competence in news headlines was also "proficient," and similarly, the level of writing competence in news articles was "proficient." The study found a "significant difference" in grammatical proficiency based on the students' level of competence in writing news headlines, and likewise, a "significant difference" in grammatical proficiency based on the students' level of competence in writing news articles. Furthermore, there was a "significant relationship" between the competence in writing news headlines and the competence in writing news articles.

DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404528

Recommended citation:
Dellava, M. V. D. (2025). Grammatical proficiency and writing competence in news headlines and news articles of Grade 6 students. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 5712-5723. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404528

Keywords: grammatical proficiency, writing competence, news headline writing, news article writing, Grade 6 students, survey-correlational research, Maayon Elementary School

Date Submitted: August 25, 2025
Date Accepted: September 26, 2025
Date Published: October 25, 2025

**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at balita ng mga mag-aaral sa Grado 6

**Mary Vic D. Dellava**
Filamer Christian University, Inc.
Roxas City, Capiz, Philippines
Email: vicdellava05@gmail.com

ABSTRAK

Ang survey-correlational na pananaliksik na ito ay isinagawa upang tukuyin ang sa kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at balita ng mag-aaral sa grado 6, Maayon Elementary School, Maayon, Capiz sa Taong Panuruan 2024-2025. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang isandaan at anim (106) mula sa isang daan apatnapu't lima (145) na mga mag-aaral na nasa grado 6 ng Maayon Elementary School. Sa pagsukat sa kahusayan sa gramatika, ang mananaliksik ay gumamit ng labing siyam (19) na aytem na talatanungan na personal na ginawa ng mananaliksik. Dagdag pa rito,ang kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita, ang mananaliksik ay nagpasulat ng limang (5) ulo ng balita na may tigdalawampong (20) puntos sa bawat isa at may kabuuan na isandaang (100) puntos. Gayundin ang kagalingan sa pagsulat ng balita ang mananaliksik ay nagpasulat ng limang (5) balita na may tigdalawampong (20) puntos sa bawat isa at may kabuuan na isandaang (100) puntos na ginamitan ng rubrik sa pagmamarka. Ito ay dumaan sa content at face validity sa tulong ng tatlong (3) guro sa Filipino. Ang talatanungan kahirapan at kaalaman sa kahusayan sa gramatika ay dumaan sa reliability at pilot test. Ang malayang baryabol sa pag-aaral na ito ay kahusayan sa gramatika at ang di-malayang baryabol naman ang kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at balita. Ang mga datos at kinakailangang impormasyon na nakalap sa pananaliksik na ito ay dumaan sa computer-processed statistics. Sa pagsusuri ng palarawang datos ay gumamit ng mean at standard deviation (SD). Para naman sa pagsusuri ng inferensyal na datos ay ginamit ang Pearson r, ang antas na kabuluhan naman ay naka-set sa .05. Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang antas ng kahusayan sa gramatika ng mga mag-aaral ay "mahusay". Ang antas ng kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita ng mga mag-aaral ay "mahusay". Ang antas ng kagalingan sa pagsulat ng balita ng mga mag-aaral ay "mahusay". "May makabuluhang pagkakaiba" ang kahusayan sa gramatika batay sa antas ng kagalingan sa pagsusulat ng ulo ng balita ng mga mag-aaral. "May makabuluhang pagkakaiba" ang kahusayan sa gramatika batay sa antas ng kagalingan sa pagsulat ng balita ng mga mag-aaral. "May makabuluhang kaugnayan" sa pagitan ng kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita sa kagalingan sa pagsulat ng balita.

Mga susing salita: kahusayan sa gramatika, kagalingan sa pagsulat, ulo ng balita, balita, mag-aaral sa grado 6, Maayon Elementary School, survey-correlational na pananaliksik

## PANIMULA

Ang gramatika ay pundasyon ng wika dahil ito ang nagtatakda ng mga tuntunin at istrukturang nagbibigay ng kahulugan sa bawat pahayag. Ayon kay Huelgas (2018), ang gramatika ay mahalaga sa pagbuo ng mga salita, parirala, at pangungusap na nagbibigay ng organisasyon at malinaw na daloy sa komunikasyon. Ang kahusayan sa gramatika ay hindi lamang nangangahulugan ng pagiging tama sa paggamit ng mga tuntunin ng wika, kundi pati na rin sa kakayahang maipahayag ang mga ideya sa isang malinaw at epektibong paraan. Ito ay pundamental sa anumang anyo ng komunikasyon, mula sa pagsulat ng mga akademikong papel at ulat hanggang sa pakikipag-usap sa pang-araw-araw na sitwasyon.

Ipinakita ni Garcia (2015) sa kanyang pag-aaral sa University of the Philippines na ang kahusayan sa gramatika ay may malaking impluwensya sa pag-unawa ng mga mambabasa. Ayon sa kanya, ang mga tekstong may malinaw na gramatika ay mas madaling maunawaan at nagdudulot ng positibong karanasan sa pagbabasa. Samantala, binigyang-diin nina Bisa at Cruz (2014) na ang mabisang pagpapahayag ay nakabatay sa wastong paggamit ng mga salita at natural na estruktura ng wika, sapagkat ang maling pagkakasunod ng mga salita ay nagdudulot ng kalituhan at kahinaan sa mensahe. Dagdag pa rito, ipinahayag ni Reyes (2018) na ang gramatika ay hindi lamang teknikal na aspeto ng wika kundi simbolo ng propesyonalismo at kredibilidad. Ang mga taong bihasa sa gramatika ay madalas na nakikita bilang matalino, organisado, at mapagkakatiwalaan—mga katangiang nagbibigay halaga sa kanila sa larangan ng edukasyon at propesyon.

Sa larangan naman ng pamamahayag, ang kahusayan sa gramatika ay mahalagang salik upang makamit ang malinaw, wasto, at epektibong komunikasyon. Ayon kay Camilon (2012), ang pagsulat ng balita ay isang sining ng pagbibigay ng tumpak, napapanahon, at obhetibong impormasyon. Kinakailangan nito ang maingat na pag-oorganisa at pagsusuri upang matiyak na ang impormasyon ay kapaki-pakinabang at totoo. Gayunpaman, sa pag-usbong ng digital na media, binago ng social media ang paraan ng pagkalap at pagbabahagi ng balita. Sa ulat ng Pew Research Center (2015), napatunayan na ang social media ay naging pangunahing plataporma ng balitaan ngunit kasabay nito ay lumitaw ang mga suliranin tulad ng maling impormasyon at pagbagsak ng tiwala ng publiko sa mga mamamahayag. Dahil dito, mas naging mahalaga ang pagsasanay sa tamang paggamit ng gramatika upang maiwasan ang kalabuan at mapanatili ang kredibilidad ng mga ulat.

Binigyang-diin ni Malapo (2018) na ang gramatika ay pundasyon ng malinaw at tumpak na komunikasyon sa larangan ng pamamahayag. Ang wastong paggamit ng mga salita, parirala, at pangungusap ay nakatutulong upang maipahayag ang impormasyon nang hindi nagdudulot ng kalituhan. Ipinahayag din ni Albunan (2019) na sa pagsulat ng balita, mahalaga ang ulo ng balita sapagkat ito ang unang nababasa at nakakaapekto sa desisyon ng mambabasa kung ipagpapatuloy niyang basahin ang artikulo. Ang isang mahusay na ulo ng balita ay dapat maikli, malinaw, at tumpak, at dapat ay makatawag-pansin. Sa ganitong paraan, nagiging epektibong kasangkapan ito sa paghahatid ng mensahe.

Sa pag-aaral ni Reah (2018), tinukoy na ang ulo ng balita ang pinakamahalagang bahagi ng isang artikulo dahil ito ang unang nakikita ng mambabasa. Ayon naman kay Beare (2017), ang mga headline ay kadalasang binubuo ng mga di-kumpletong pangungusap o mga pariralang pangngalan na nagbibigay diin sa nilalaman ng balita. Ipinakita rin sa kanyang pagsusuri sa mga

headline ng BBC World News na may iba't ibang estilo ng pagsulat batay sa rehiyon at paksa, ngunit nananatiling layunin nito ang agarang paghahatid ng pangunahing impormasyon.

Batay sa teoryang Transformational Grammar nina Zellig Harris at Noam Chomsky, na nagsilbing batayang teoretikal ng pag-aaral na ito, ang wika ay hindi lamang mekanikal na proseso kundi isang sistemang kognitibo na nagmumula sa kakayahan ng tao na bumuo ng walang hanggang dami ng pangungusap mula sa limitadong tuntunin. Ayon kay Chomsky, ang wika ay produkto ng interaksiyon ng isipan at lipunan, at sa pamamagitan nito, natututo ang tao na magpahayag ng mga ideya sa makabuluhang paraan. Ang ganitong pananaw ay nagbibigay-diin na ang kahusayan sa gramatika ay hindi lamang teknikal na kasanayan kundi bahagi ng mas malalim na proseso ng pag-iisip at pagkatuto.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ang kahusayan sa gramatika ang itinuring na malayang baryabol, samantalang ang kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at balita ang di-malayang baryabol. Ang ugnayan ng dalawang baryabol na ito ang susuriin upang matukoy kung gaano kalaki ang impluwensya ng kahusayan sa gramatika sa pagsulat ng mga balita at ulo ng balita ng mga mag-aaral sa Grado 6 ng Maayon Elementary School, Maayon, Capiz. Sa ganitong paraan, layunin ng pananaliksik na ito na magbigay ng empirikal na ebidensya na magpapatibay sa kahalagahan ng gramatika bilang sandigan sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat, partikular sa larangan ng pamamahayag sa antas-elementarya.

## Paglalahad ng suliranin

Ang isinagawang pag-aaral na ito ay naglalayong tinukoy ang kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita, at balita ng mga mag-aaral sa grado 6 ng Maayon Elementary School Maayon, Capiz na nakapagpapatala sa Taong Panuruan 2024-2025. Layunin ng pag-aaral na ito na masagot ang mga sumsusunod na katanungan:

1. Ano ang antas  ng kahusayan sa gramatika ng mga mag-aaral sa grado 6?
2. Ano ang antas ng kagalingan sa pagsulat sa ulo ng balita ng mag-aaral grado 6?
3. Ano ang antas ng kagalingan sa pagsulat ng balita ng mag-aaral sa grado 6?
4. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita, at balita?

## METODOLOHIYA

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at balita ng mga mag-aaral sa Grado 6 ng Maayon Elementary School sa taong panuruan 2024–2025. Upang maisakatuparan ito, ginamit ng mananaliksik ang survey-correlational na disenyo ng pananaliksik na naglalayong ilarawan at bigyang-kahulugan ang mga ugnayang umiiral sa pagitan ng mga baryabol. Ayon kay Best na binanggit ni Albaran (2022), ang ganitong disenyo ay angkop sa mga pag-aaral na nagnanais suriin ang mga kasalukuyang kondisyon at alamin kung may kaugnayan ang mga ito sa isa't isa. Ang nasabing pamamaraan ay napiling gamitin sapagkat nagbibigay ito ng mas sistematikong paraan ng pangangalap ng datos mula sa mga kalahok, na nagbibigay-daan upang matukoy ang antas ng ugnayan sa pagitan ng kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at balita.

Sa kontekstong ito, itinuring na malayang baryabol ang kahusayan sa gramatika, samantalang ang kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at balita ay itinuturing na di-malayang baryabol. Ang mga datos ay sumailalim sa pagsusuring istadistikal gamit ang frequency count, percentage mean, standard deviation, at Pearson r upang matukoy ang antas ng kahusayan at kaugnayan ng mga baryabol.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng mga mag-aaral sa Grado 6 ng Maayon Elementary School sa bayan ng Maayon, Capiz. Sa kabuuang 145 na mag-aaral, 106 lamang ang napiling kalahok sa pamamagitan ng stratified random sampling gamit ang formula ni Raosoft. Ang mga kalahok ay hinati ayon sa kani-kanilang seksyon: tatlumpu (30) mula sa Amethyst, dalawampu't siyam (29) mula sa Emerald, dalawampu't pito (27) mula sa Ruby, at dalawampu (20) mula sa Hawking. Ang pamamaraang ito ay ginamit upang matiyak na bawat seksyon ay may pantay na representasyon sa pag-aaral. Batay sa kanilang profayl, 51 o 48.11% sa mga kalahok ay may edad labindalawa, habang 55 o 51.88% ay may edad labing-isa, na nagpapakita ng bahagyang kalamangan sa mas batang pangkat. Sa aspeto ng kasarian, 48 o 45.28% ay lalaki at 58 o 54.71% ay babae. Ipinakita rin ng datos na karamihan sa mga magulang ng mga kalahok ay nakapagtapos ng kolehiyo—22.64% sa mga ama at 29.24% sa mga ina—na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng edukasyong nakamit ng mga magulang. Sa hanapbuhay naman, karamihan sa mga ama (50%) at ina (46.22%) ay may di-permanenteng trabaho, na maaaring magpakita ng katamtamang katayuang pangkabuhayan ng mga pamilya ng mga mag-aaral.

Ginamit ng mananaliksik ang tatlong pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang una ay ang talatanungan sa personal na datos ng mga kalahok na naglalaman ng mga impormasyon hinggil sa kanilang edad, kasarian, edukasyon ng mga magulang, at hanapbuhay. Ang ikalawa ay ang pagsusulit sa kahusayan sa gramatika na binubuo ng labinsiyam (19) na aytem tungkol sa wastong paggamit ng malaking titik, mga bantas, pagbuo ng pangungusap, at pagpili ng angkop na salita. Bawat aytem ay may kasamang iskalang ginamit sa pagbibigay-deskripsyon: 15.03–19.00 (napakahusay), 11.05–15.02 (mahusay), 7.07–11.04 (katamtaman), 3.09–7.06 (kasiya-siya), at 0.00–3.08 (kailangang paunlarin). Ang ikatlong instrumento ay ang rubrik sa pagsusuri ng kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at balita. Sa pagsusulat ng ulo ng balita, ang mga kalahok ay inatasang gumawa ng limang (5) headline na may tigdalawampung (20) puntos bawat isa para sa kabuuang isandaang (100) puntos. Ang rubrik sa pagsusuri ay nakabatay sa kawastuhan ng impormasyon, kalinawan at kaiklian, pagkamalikhain, at wastong gramatika. Sa pagsusulat naman ng balita, ang mga kalahok ay gumawa rin ng limang (5) artikulo na sinusuri batay sa nilalaman, retorika at gramatika, organisasyon ng ideya, at estilo. Ang parehong rubrik ay ginamitan ng iskalang 80.01–100.00 (napakahusay), 60.01–80.00 (mahusay), 40.01–60.00 (katamtaman), 20.01–40.00 (kasiya-siya), at 0.00–20.00 (kailangang paunlarin). Ang lahat ng instrumento ay dumaan sa content at face validity sa tulong ng tatlong guro sa Filipino at sumailalim sa pilot testing na isinagawa sa tatlumpung (30) mag-aaral na hindi kasali sa pag-aaral. Ang mga aytem na may index of difficulty sa pagitan ng 0.20–0.80 ay napanatili, samantalang ang mga bumaba sa saklaw na ito ay tinanggal sa pagsusulit.

Isinagawa ang pangangalap ng datos noong Pebrero 2025, Taong Panuruan 2024–2025. Bago ito maisagawa, ang mananaliksik ay humiling ng pahintulot mula sa punongguro ng Maayon Elementary School, gayundin sa mga tagapayo, magulang, at mga mag-aaral upang masiguro ang etikal na pagsasagawa ng pananaliksik. Ang mga liham-pahintulot ay nilagdaan ng mga kinauukulan bilang tanda ng pagsang-ayon. Pagkatapos makuha ang mga sagot ng mga kalahok,

agad itong iniwasto, itinala, at isinumite sa statistician para sa pagsusuri. Sa pagpoproseso ng mga datos, ginamit ang frequency count upang matukoy ang distribusyon ng mga tugon, ang mean upang masukat ang antas ng kahusayan ng mga kalahok, at ang standard deviation upang malaman ang pagkakaisa o pagkakaiba-iba ng kanilang mga tugon. Ginamit naman ang Pearson r upang matukoy ang antas ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at balita, na itinakda sa antas ng kabuluhang 0.05. Sa kabuuan, ang metodolohiyang ito ay maingat na idinisenyo upang matiyak ang bisa, katumpakan, at kredibilidad ng mga nakalap na datos na magsisilbing batayan ng mga natuklasan sa pag-aaral.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

### Palarawang pagsusuri ng mga datos

Batay sa metodolohiyang tinalakay, isang daan at anim (106) na mag-aaral sa Grade 6 ng Maayon Elementary School ang naging kalahok sa pag-aaral na ito. Sila ay pinili mula sa kabuuang 145 mag-aaral sa pamamagitan ng stratified random sampling upang matiyak ang pantay na representasyon mula sa apat na seksyon — Amethyst, Emerald, Ruby, at Hawking. Ang mga kalahok ay sumailalim sa mga pagsusulit na inihanda ng mananaliksik upang masukat ang kanilang kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at balita. Ang mga nakuhang datos ay sinuri gamit ang mean, standard deviation, at Pearson r upang matukoy ang antas ng kahusayan at ang ugnayan ng mga baryabol.

### Kahusayan sa gramatika ng mga mag-aaral sa Grade 6

Lumabas sa pagsusuri ng datos na ang mga mag-aaral sa Grade 6 ay may “mahusay” na antas ng kahusayan sa gramatika na may mean na 14.29 at standard deviation na 1.36. Ipinapakita ng resultang ito na may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga bantas, tamang paggamit ng malaking titik, at pagbubuo ng mga pangungusap. Marahil ay nakatulong ang kanilang karanasan sa pagsulat ng mga sanaysay, liham, at tula sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa gramatika. Gayunpaman, napansin na ang ilang mag-aaral ay nahirapan sa pagpili ng tamang salita upang makabuo ng makabuluhang pangungusap. Maaaring nagdulot ng kalituhan sa kanila ang mga salitang may magkahawig na kahulugan o kaya naman ay hindi nila binasa at inintindi nang maayos ang mga katanungan sa pagsusulit. Ang mga mag-aaral na mas nakapagbibigay-pansin at nakakapag-analisa ng wasto ay nagpakita ng mas mahusay na resulta. Ipinahihiwatig nito na mahalagang magkaroon ng epektibong estratehiya sa pagtuturo ng gramatika gaya ng pagbibigay ng kongkretong halimbawa at malinaw na pagpapaliwanag ng mga tuntunin. Taliwas dito, ipinakita sa pag-aaral ni Aquino (2019) na dahil sa paggamit ng makabagong teknolohiya, maraming kabataan ang nagkakamali sa gramatika, lalo na sa aspeto ng pagbabaybay at pagbuo ng ideya. Ipinapahiwatig nito na ang pagkatuto sa gramatika ay dapat pa ring bigyang-diin sa tradisyunal na paraan ng pagsasanay, hindi lamang sa paggamit ng mga digital na kagamitan.

### Kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita ng mga mag-aaral sa Grade 6

Ayon sa pagsusuri, ang mga mag-aaral ay nakakuha ng mean na 74.51 at standard deviation na 4.67, na may deskripsyong "mahusay." Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral sa Grade 6 ay bihasa sa pagsulat ng ulo ng balita. Marahil ay nakasanayan nilang gumamit ng mga salitang kaakit-akit at makahulugan upang makuha ang interes ng mambabasa. Posibleng natutunan nila sa klase ang mga tuntunin sa pagsulat ng epektibong ulo ng balita — maikli, malinaw, at makatawag-pansin — kaya naging madali sa kanila ang pagbuo nito. Maaaring pamilyar sila sa mga sitwasyong ibinigay, dahilan upang mas madali nilang maisulat ang mga ito. Ang maayos na kapaligiran sa silid-aralan ay maaaring nakatulong din upang makapag-isip sila nang malalim at makapagsulat nang mahusay. May ilang mag-aaral na maaaring dati nang nakikilahok sa mga paligsahan sa pagsulat ng balita o madalas manood at magbasa ng mga balita, dahilan upang higit silang maging bihasa. Taliwas naman ito sa isinagawang pananaliksik nina Santos at Cruz (2020) na tumalakay sa mga hamon ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga introduksiyon sa balitang tampok. Ayon sa kanila, marami sa mga mag-aaral ang nahihirapan sa pagbuo ng mga pangungusap na naglalahad ng pangunahing ideya, pati na rin sa pagpili ng angkop na estilo at istruktura ng pangungusap. Sa kasalukuyang pag-aaral, ipinapakita na ang mga mag-aaral sa Grade 6 ay nakapagtamo na ng sapat na kasanayan upang makabuo ng ulo ng balita na malinaw, maikli, at epektibo.

Kagalingan sa pagsulat ng balita ng mga mag-aaral sa Grade 6

Batay sa resulta ng pagsusuri, ang mga mag-aaral sa Grade 6 ay nakakuha ng mean na 76.98 at standard deviation na 4.88, na may deskripsyong "mahusay." Ipinapahiwatig nito na mahusay ang mga mag-aaral sa pagsulat ng balita, partikular sa pagsunod sa mga batayang alituntunin gaya ng pagsagot sa mga tanong na sino, ano, saan, kailan, bakit, at paano. Posibleng nakatulong ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pagsusulat ng iba't ibang uri ng teksto gaya ng sanaysay, liham, at talumpati upang malinang ang kanilang kakayahang mag-organisa ng ideya at maglahad ng impormasyon nang malinaw. Ang mga mag-aaral ay marahil ay nakasunod sa rubrik na ginamit sa pagmamarka, na sumasaklaw sa wastong paggamit ng gramatika at retorika, organisasyon ng ideya, pagkamalikhain, at kaugnayan ng nilalaman. Ipinapahiwatig din na maaring malawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral, kaya nagawa nilang maipahayag nang mabisa ang kanilang mga ideya gamit ang payak at madaling maunawaang wika. Sumasang-ayon ito sa pag-aaral ni Anggraini (2020) na nagsasaad na ang kasanayan sa bokabularyo ay may malaking ambag sa kasanayan sa pagsulat ng balita. Kung kaya, iminumungkahi na patuloy na palawakin ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbabasa at aktibong paggamit ng wika sa iba't ibang gawain sa klase.

Inferensyal na pagsusuri ng mga datos

Sa pamamagitan ng pagsusuring Pearson r, natukoy na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita ($r = -0.048$, Sig = 0.620), gayundin sa pagitan ng kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsulat ng balita ($r = -0.115$, Sig = 0.239). Samantala, natukoy na may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at kagalingan sa pagsulat ng balita ($r = 0.666$, Sig = 0.000),

na nagpapahiwatig ng malakas na ugnayan sa pagitan ng dalawang kasanayan. Ang resulta ng kawalan ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng gramatika at ulo ng balita ay nagpapahiwatig na bagaman mahalaga ang gramatika sa pagsulat, ang mga headline ay sumusunod sa ibang pamantayan ng estilo—maikli, tuwiran, at nakatuon sa pagkuha ng atensyon ng mambabasa. Ang mga ito ay karaniwang gumagamit ng payak na estruktura at hindi buong pangungusap, halimbawa: sa halip na "Ang Gobyerno ay Nagpasa ng Bagong Batas sa Trapiko," mas pinipiling gamitin ang "Gobyerno Nagpasa ng Bagong Batas sa Trapiko." Ang ganitong estilo ay nagbibigay diin sa esensiya ng balita at nagpapadali ng pagbasa.

Gayundin, ipinakita ng resulta na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kahusayan sa gramatika at pagsulat ng balita. Ibig sabihin, maaaring magaling sa gramatika ang isang mag-aaral ngunit hindi bihasa sa pagsunod sa estrukturang pampamahayagan gaya ng inverted pyramid style. Sa kabilang banda, may mga mag-aaral namang mahusay sa pagsulat ng balita kahit hindi ganap na bihasa sa teknikal na aspeto ng gramatika dahil sa kanilang pagkaunawa sa estilo at layunin ng pamamahayag. Taliwas ito sa pag-aaral ni Edfita (2019) na nagsasaad na may positibong kaugnayan sa pagitan ng mastery sa gramatika at kakayahan sa pagsulat ng balita. Ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay nagpapakita na maaaring mag-iba ang ugnayan ng dalawang kasanayan depende sa konteksto ng pagtuturo, karanasan, at pagkakalantad ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampamahayag.

Samantala, napatunayan na may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at kagalingan sa pagsulat ng mismong balita. Nangangahulugan ito na ang dalawang kasanayan ay magkakaugnay sapagkat ang ulo ng balita ay nagsisilbing pundasyon at gabay sa buong artikulo. Ang malinaw at epektibong ulo ng balita ay nakatutulong upang maunawaan ng mambabasa ang kabuuang nilalaman ng artikulo at mahikayat silang ipagpatuloy ang pagbabasa. Sumasang-ayon ito sa obserbasyon ng Matrix English Team (2023) na ang mahusay na pambungad sa balitang lathalain ay dapat makatawag-pansin, maigsi, at naglalaman ng impormasyon upang mapanatili ang interes ng mambabasa. Dahil dito, tinatanggap ang ipotesis na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kahusayan sa gramatika at pagsulat ng ulo ng balita at balita, ngunit itinatakwil ang ipotesis na nagsasabing walang ugnayan sa pagitan ng kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at kagalingan sa pagsulat ng balita, sapagkat malinaw na napatunayang magkaugnay ang dalawang kasanayang ito.

## KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, maaaring ipagpalagay na ang mga mag-aaral sa Grade 6 ng Maayon Elementary School ay nagtataglay ng mataas na antas ng kasanayan sa gramatika at pagsusulat ng ulo ng balita at balita. Ang pagsusuri ay nagpakita na ang kanilang antas ng kahusayan sa gramatika ay "mahusay" ($M=14.29$, $SD=1.36$), na nangangahulugang may sapat silang kakayahan sa paggamit ng wastong bantas, tamang paggamit ng malaking titik, at pagbubuo ng mga pangungusap. Ang ganitong kasanayan ay nagpapahiwatig na kaya nilang makabuo ng malinaw, wasto, at organisadong mga pangungusap, talata, at sanaysay. Sa patuloy na paggamit ng mga tuntunin ng gramatika, inaasahan na lalo pa nilang mapauunlad ang kanilang kakayahan sa pagsusulat at pakikipagkomunikasyon. Dahil dito, maaari silang maging mahusay na tagapagsalita at tagapagdaloy ng impormasyon, gayundin ay potensyal na lumahok sa mga

gawaing pampamahayag tulad ng school paper, journalism club, o pagsulat ng blog. Ang kanilang kasanayan sa gramatika ay maaari ring maging sandigan sa pagsali sa mga paligsahan tulad ng debate o oratorical competitions na nangangailangan ng mataas na antas ng kakayahang lingguwistiko.

Natuklasan din na ang antas ng kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita ay "mahusay" (M=74.51, SD=4.67), na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay bihasa sa pagbuo ng mga ulo ng balitang malinaw, maikli, at kaakit-akit. Ipinahihiwatig ng resulta na ang mga mag-aaral ay marunong gumamit ng mga salitang makatawag-pansin at epektibong naglalarawan sa pangunahing paksa ng balita. Ang kanilang malawak na bokabularyo at pag-unawa sa estilo ng pamamahayag ay nagbigay daan upang maisulat nila nang mahusay ang ulo ng balita alinsunod sa mga tuntuning pampahayagan. Ang ganitong kasanayan ay nagpapakita rin na ang mga mag-aaral ay may potensyal na maging bihasa sa gawaing pasulat at maaaring lumahok sa mga patimpalak sa journalism o sa pahayagang pampaaralan. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay, higit pa nilang mapapaunlad ang kakayahang magsulat ng mga ulo ng balita na epektibong nakapupukaw ng interes ng mga mambabasa.

Samantala, lumabas din sa resulta na ang antas ng kagalingan sa pagsulat ng balita ay "mahusay" (M=76.98, SD=4.88). Ibig sabihin, mahusay ang mga mag-aaral sa pagbuo ng balita, partikular sa pagsunod sa mga batayang alituntunin ng pamamahayag gaya ng pagsagot sa mga tanong na sino, ano, saan, kailan, bakit, at paano. Ipinapakita rin ng resulta na marunong silang pumili ng mga angkop na salita at organisahin ang kanilang mga ideya sa lohikal na paraan. Malawak ang kanilang pag-unawa sa mga pangyayari at nagagamit nila ang mga ito sa paggawa ng makabuluhang balita. Dahil dito, maaari silang sumali sa mga paligsahan sa pagsulat ng balita upang higit pang malinang ang kanilang kasanayan. Ang mga mag-aaral ay may potensyal ding maging mga tagapagsanay sa kanilang mga kamag-aral sa larangan ng journalism, sapagkat kaya na nilang bumuo ng mga organisado, malinaw, at mabisang pahayag sa kanilang mga sulatin. Ang mataas na antas ng kanilang kahusayan ay nagpapahiwatig din na may kakayahan silang makipagkomunikasyon nang epektibo at magamit ang gramatika sa mas malalim at praktikal na aplikasyon.

Sa pagsusuring inferensyal gamit ang Pearson r, lumabas na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita (r = -0.048, Sig = 0.620), gayundin sa pagitan ng kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsulat ng balita (r = -0.115, Sig = 0.239). Ipinahihiwatig nito na kahit mahusay sa gramatika ang isang mag-aaral, hindi awtomatikong nangangahulugang magiging mahusay din siya sa pagsulat ng ulo ng balita o balita. Ang pagsulat ng ulo ng balita ay nakabatay sa ibang pamantayan — ito ay dapat na maikli, tuwiran, at makatawag-pansin, na hindi kinakailangang sumunod sa kumpletong estruktura ng gramatika. Gayundin, ang pagsulat ng balita ay higit na nakatuon sa malinaw at mabilis na paghahatid ng impormasyon kaysa sa teknikal na aspeto ng wika. Kaya, kahit bihasa sa gramatika, maaaring mahirapan pa rin ang ilang mag-aaral kung wala silang sapat na kaalaman sa estratehiya, estilo, at proseso ng pagsulat ng balita. Sa kabilang banda, natukoy na may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kagalingan sa pagsulat ng ulo ng balita at kagalingan sa pagsulat ng balita (r = 0.666, Sig = 0.000), na nangangahulugang habang tumataas ang kasanayan sa pagsulat ng ulo ng balita, tumataas din ang kasanayan sa pagsulat ng balita. Ito ay dahil magkaugnay ang dalawang anyo ng pagsulat—ang ulo ng balita ang nagsisilbing gabay at buod ng mismong artikulo, kaya't ang kahusayan sa una ay may direktang impluwensya sa ikalawa.

Sa kabuuan, napatunayan ng pag-aaral na ang mga mag-aaral sa Grade 6 ng Maayon Elementary School ay may mataas na antas ng kahusayan sa gramatika at kagalingan sa pagsusulat ng ulo ng balita at balita. Gayunpaman, malinaw ring ipinakita ng mga resulta na ang kahusayan sa gramatika ay hindi palaging kaakibat ng kahusayan sa pagsusulat ng mga tekstong pampamahayag, sapagkat magkaiba ang mga kasanayang kinakailangan sa bawat larangan. Samantala, ang malakas na ugnayan sa pagitan ng pagsulat ng ulo ng balita at balita ay nagpapatunay na ang paglinang sa isa ay nagdudulot ng pag-unlad sa kabila. Bunsod nito, inirerekomenda ng pag-aaral na palawakin pa ng mga guro sa Filipino at journalism ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas maraming pagsasanay sa pagsulat ng balita at ulo ng balita, paggamit ng contextualized learning materials, at pagsasagawa ng mga writing workshops upang higit pang mahasa ang mga mag-aaral. Iminumungkahi rin na ang mga mag-aaral ay aktibong lumahok sa mga patimpalak sa pagsulat ng balita, journalism clubs, at iba pang gawaing pampamahayag upang mapalawak ang kanilang karanasan. Sa ganitong paraan, maipagpapatuloy nila ang pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa gramatika at pagsulat, na magiging pundasyon ng kanilang tagumpay sa mas mataas na antas ng edukasyon at sa hinaharap bilang mga epektibong tagapaghatid ng impormasyon.

## TALASANGGUNIAN

Albunan, L. (2019). Ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sulatin ng dalawang grupo ng mga mag-aaral sa ika-pitong baitang sa Nagpayong High School.

Anggraini, D. (2020). Contribution of vocabulary mastery on news writing skill. Atlantis Press.

Ariyanti, A., & Fitriana, R. (2017). EFL students' difficulties and needs in essay writing

Bautista, M. L. S., & Cruz, I. (2018). Ang Filipino sa larangan ng komunikasyon. Ateneo de Manila University Press.

Beare, K. (2017). Journalism: An introduction. English Language Publications.

Brooks, B., Kennedy, G., Moen, D., & Ranly, D. (2013). Telling the story: The convergence of print, broadcast, and online media. Bedford/St. Martin's.

Camilon, J. (2012). Sample tesis. Retrieved from https://www.coursehero.com/file/89960693/SAMPLETESISdocx

Celce-Murcia, M., & Larsen-Freeman, D. (2015). The grammar book: An ESL/EFL teacher's course. Heinle & Heinle Publishers.

Constantino, R. (2017). The Filipino language and national identity. Karrel Publishing.

De Juan, G. (2013). Mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Retrieved April 14, 2018, from https://filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/mga-suliranin-ng-mga-guro-sa-pagtuturo-ng-filipino

Ellis, R. (2016). Current issues in the teaching of grammar: An SLA perspective. TESOL Quarterly.

Gonzales, A. B. (2015). Effective grammar teaching in Filipino classrooms. Philippine Journal of Linguistics.

Huelgas, M. A. (2018). Pagsulat ng balita. Academia.edu.

Kovach, B., & Rosenstiel, T. (2014). The elements of journalism: What newspeople should know and the public should expect. Crown Publishing Group.

Lynch, D. M. (2015). Above and beyond: Looking at the future of journalism education. Knight Foundation.

Malapo, P. E. L. (2018). Antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa manunulat sa pamahayagang pangkampus. Sorsogon State College.

Matrix English Team. (2023). Paano sumulat ng kamangha-manghang feature na artikulo gamit ang 5 hakbang. https://www.matrix.edu.au/how-to-write-an-amazing-feature-article

Mencher, M. (2013). News reporting and writing. McGraw-Hill Education.

Misuari, S. M. (2017). Causes and effects of grammar errors. https://www.slideshare.net/Yhsar/causes-and-effects-of-grammar-errors

Pavlik, J. V. (2018). Media in the digital age. Columbia University Press.

Pew Research Center. (2015). The impact of social media on news consumption and trust in journalism. https://www.pewresearch.org

Ricafrente, N. (2019). DAMATH: Its effect in the computational skills of Grade V pupils of Salcedo. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts.

Serrano, F., & Lagasca, J. (2015). Pagsulat ng balita: Ang gabay ng mga mamamahayag. UST Publishing House.

Silverman, C. (2013). Verification handbook: A definitive guide to verifying digital content for emergency coverage. European Journalism Centre.